PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

# Pneumococcal Conjugate na Bakuna: *Ang Kailangan Mong Malaman*

Many vaccine information statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis

## 1. Bakit kailangan magpabakuna?

Maaaring mapigilan ng **pneumococcal conjugate na bakuna** ang **pneumococcal na sakit**.

Ang **pneumococcal na sakit** ay tumutukoy sa anumang sakit na dulot ng pneumococcal na bakterya. Ang mga bakterya na ito ay maaaring magdulot ng maraming uri ng sakit, kabilang ang:
- Pulmonya (impeksyon sa baga)
- Mga impeksyon sa tainga
- Mga impeksyon sa sinus
- Meningitis (impeksyon sa tisyu na bumabalot sa utak at sa utak ng gulugod)
- Bacteremia (impeksyon sa daluyan ng dugo)

Kahit sino ay maaaring magkasakit ng pneumococcal, ngunit ang mga bata, matatanda, at mga taong may ilang partikular na salik ng panganib ang may pinakamataas na panganib.

Karamihan sa mga pneumococcal na impeksyon ay banayad. Gayunpaman, ang ilan ay maaaring magresulta sa mga pangmatagalang problema, tulad ng pinsala sa utak o pagkawala ng pandinig. Ang meningitis, bacteremia, at pulmonya na dulot ng pneumococcal na sakit ay maaaring humantong sa kamatayan.

## 2. Pneumococcal conjugate na bakuna

Nakakatulong ang pneumococcal conjugate na bakuna na magprotekta laban sa bakterya na nagdudulot ng pneumococcal na sakit. May ilang mga pneumococcal conjugate na bakuna (PCV). Ang partikular na PCV at bilang ng mga dosis na inirerekomenda ay batay sa edad, kasaysayan sa pagbabakuna, at katayuang medikal ng isang tao. Matutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na matukoy kung aling uri ng PCV, at kung gaano karaming dosis, ang dapat matanggap.
- Ang **mga sanggol at maliliit na bata** ay karaniwang nangangailangan ng 4 na dosis ng PCV. Ang mga dosis na ito ay inirerekomenda sa edad na 2, 4, 6, at 12–15 buwan.
- Ang ilang **mas matatandang bata at kabataan** na hindi nakatanggap ng mga inirerekomendang dosis bilang mga sanggol o maliliit na bata ay nangangailangan ng PCV. Depende ito sa edad at mga kondisyong medikal, o iba pang mga salik ng panganib.
- Ang **mga nasa hustong gulang na 19 hanggang 49 na taong gulang** na hindi pa nakatanggap ng PCV at may ilang partikular na kondisyong medikal o iba pang salik ng panganib ay dapat na tumanggap ng PCV. Ang ilang mga nasa hustong gulang sa grupong ito na nakatanggap na ng PCV ay maaaring irekomendang tumanggap ng isa pang dosis.
- Ang **mga nasa hustong gulang na 50 taong gulang o mas matanda** na hindi pa nakatanggap ng PCV ay dapat tumanggap ng bakunang PCV. Ang ilang mga nasa hustong gulang sa grupong ito na nakatanggap na ng PCV ay maaaring irekomendang tumanggap ng isa pang dosis.

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:
- Nagkaroon na ng **reaksiyong alerdyi pagkatapos ng nakaraang dosis ng anumang uri ng PCV, o sa anumang bakuna na naglalaman ng diphtheria toxoid** (halimbawa, DTaP), o may anumang **malubha, nakababanta sa buhay na alerdyi**.

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang PCV hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may sakit na hindi malubha, tulad ng isang sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling.

Maaari kang bigyan ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng higit pang impormasyon.

U.S. CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

## 4. Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

- Maaaring mangyari pagkatapos ng pagbabakuna ng pneumococcal conjugate ang pamumula, pamamaga, pananakit, o panlalambot sa kung saan itinurok ang bakuna; lagnat; pagkawala ng ganang kumain; pagkabahala (pagkairita); pagkapagod; sakit ng ulo; pananakit ng kalamnan; pananakit ng kasukasuan; o panginginig.

Ang mga maliliit na bata ay maaaring may mas mataas na panganib para sa mga kombulsyon na dulot ng lagnat pagkatapos ng PCV kung ibinigay ito kasabay ng hindi aktibong bakuna sa trangkaso. Magtanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang impormasyon.

Hinihimatay ang mga tao kung minsan pagkatapos ng mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nahihilo ka o may mga pagbabago sa paningin o may umuugong sa mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, may napakaliit na tyansang magdudulot ang isang bakuna ng matinding reaksyong alerdyi, iba pang seryosong pinsala, o pagkamatay.

## 5. Paano kung may seryosong problema?

Maaaring mangyari ang isang reaksyong alerdyi pagkatapos umalis sa klinika ang taong nabakunahan. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng isang matinding reaksyong alerdyi (mga pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nakakabahala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (Sistema ng Pag-uulat ng Salungat na Kaganapan sa Bakuna, VAERS). Karaniwang isusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at ang mga miyembro ng kawani ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

## 6. National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna, VICP) ay isang programa ng pederal na nilikha upang mabayaran ang mga taong maaaring mapinsala ng partikular na mga bakuna. Ang mga paghahabol kaugnay sa ipinalalagay na pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa oras ng paghahain, na maaaring kasing-ikli ng dalawang taon. Bumisita sa website ng VICP sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation** o tumawag sa **1-800-338-2382** upang malaman ang tungkol sa programa at tungkol sa paghahain ng paghahabol.

## 7. Paano ako matuto nang higit pa?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bumisita sa website ng Food and Drug Administration (Pangangasiwa ng Pagkain at Gamot, FDA) para sa mga kalakip sa pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa **www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines**.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit, CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bumisita sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**.

Tagalog translation provided by Immunize.org